# ABSTRAK

Ang **Kampana sa Pagkatha: Paglilinang ng Karunungang-Bayan sa Panitikang Pangkabataan** ay isang eksplorasyon hinggil sa panitikang pangkabataan at mitolohiya ng Pilipinas. Inisa-isa rin ang kahalagahan at papel ng karunungang-bayan sa isang lipunan. Layunin ng malikhaing proyektong ito ang isalaysay muli ang mga piling kuwentong-bayan at ipakilala ito sa mga kabataang mambabasa partikular sa mga nakatira sa Maynila at kalapit-bayan. Babae ang pangunahing tauhan sa nobela upang magkaroon pa ng representasyon sa panitikan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng isang nobela, ipinakilala ang iba't ibang tauhan gaya ng piling diwata at kakaibang nilalang tulad ng sigbin, siyokoy, at iba pa. Ang nobelang pangkabataan na **Si Iska at ang Nawawalang Kampana**, ay naglalaman ng mga naratibong tungkol sa pagkilala ng isang dalaga sa kaniyang sarili, pagkamulat sa kaniyang natatanging tungkulin, at pagpapahalaga sa pamayanang kaniyang kinabibilangan. Naging gabay sa pagsusulat nito (ngunit hindi limitado rito) ang epic convention ni Isagani Cruz (2006). Ipinakikilala rin sa nobelang ito ang Antipolo at ang mga pagbabago nito sa paglipas ng panahon.


# PAGBUO NG SARILING TINIG SA PAGKATHA

## A. Himig at Kuwentong-Bayan ng Nakatatanda

Mahilig akong makinig sa mga kuwentong-bayan na isinasalaysay ni Lola. Ilan sa mga kuwentong ito ang mga hindi nakikitang nilalang sa likod ng halaman. May kuwento rin siya tungkol sa mga nuno sa punso, at sa mga manananggal. Nakahiligan ko na ring magbasa pa ng iba't ibang kuwento



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 2 11/20/2024 8:05:46 AM

tungkol sa mitolohiya ng Pilipinas. Napagtanto ko na napakayaman ng ating panitikan. May hamon sa akin na ipakilala pa ito sa mga kabataang mambabasa sa Metro Manila. Ito ang grupo ng mga kabataan na may access sa internet at teknolohiya upang makapagbasa ng iba't ibang akda. Nais ko ring maisalaysay muli ang mga kuwentong ito sa pamamagitan ng pagsulat ng isang nobela.

**Hapag-Kainan / Hapag-Kuwentuhan**

Taong 2000 noong lumipat kami ng kapatid ko sa bahay ni Lola. Si Lola ang nagsilbing nanay namin sa mahabang taon. Laging wala ang nanay ko sa bahay kaya laking-lola kami.

"Kain na." Ito ang paraan kung paano niya kami gisingin noon. Pagkarinig namin nito, kailangang bumangon na kami. Isang kompletong hapag-kainan ang bubungad sa aming magkapatid tuwing umaga. Nakaayos na ang plato, may nakalagay na kutsara't tinidor. Nakahanda na rin ang isang malaking mangkok ng sinangag.

Bukod sa pagkain, may iba pang inihahain si Lola, at iyon ay ang kaniyang mga kuwento.

Tila isang antolohiya ang mga kuwento ni Lola. Gaya ng pagkain, mayroon itong iba't ibang sangkap. Mahilig siyang magkuwento ng mga kakaibang nilalang o mga nilalang na hindi nakikita. Hindi kami nagsasawang makinig sa kaniya dahil sa detalyado niyang kuwento.

Natatandaan ko pa kung paano niya ikuwento ang tungkol sa "Kaibigang Duwende ni Edna." Ako lang ang nagbigay ng pamagat dahil pasalita niya lang kung isalaysay ang kuwentong ito noon. Tahimik akong nakikinig sa kung paano niyang ikuwento ito sa amin.

Napansin raw noon ng nanay ni Lola na tuwing umaga ay pumupunta sa bundok si Edna. Sa bundok, may isang malaking puno ng mangga na mapapansin talaga ng lahat nang dumaraan dahil sa laki nito. Malago ang mga dahon nito, at matingkad ang pagkakulay berde. Ang pinakanakamamangha rin ay ang pagkakaroon ng balon sa mismong ilalim nito. Naniniwala ang mga taga-bundok na ang balon na iyon ay ang lagusan patungo sa 'kaharian' ng mga duwende. May nagpatunay na rin daw na totoo ang lagusan na iyon.

Doon nagpapalipas ng umaga si Edna. Sabi niya kay Lola May noon, doon siya naglalaro kasama ang kaibigang duwende. Wala namang masamang nangyari kay Edna. Kaya lang, natakot ang matatanda na baka kunin ito nang tuluyan ng duwende at isama sa kanilang 'kaharian'



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 3 11/20/2024 8:05:46 AM

kinalaunan. Pinaniniwalaan na kapag pinakain siya ng itim na prutas ng duwendeng iyon ay tuluyan na siyang hindi makababalik sa tunay na mundo.

Dumating ang araw na pinagsuot ng pulang damit nina Lola May at Lolo Pay si Edna. Dahil sa kulay pula, hindi siya malapitan ng duwende. Naglagay rin sila ng mga piling halaman na pinaniniwalaang magtataboy sa duwende. Dahil rito, nagalit raw ang duwende. Bumagsak raw ang plato nina Lola May at Lolo Pay sa kanilang kusina nang walang dahilan.

Hindi agad nagpatalo ang duwende. Nawala lang ito pansamantala subalit may ilang araw na 'binibisita' pa rin nito si Edna. Sumisilip raw sa pintong yari sa kahoy na tila bisitang hindi pinapapasok kaya nahihiya sa labas.

Mayroon ring ikalawang bahagi ang kuwentong ito ni Lola. Pangalawang kuwento sa kaniyang tila-antolohiya na aklat. Noong lumipat na sina Edna at ang kaniyang kapatid sa San Juan City, sumunod raw ang duwende. Nasa bahay raw nila ito at tila binabantayan pa rin si Edna. Sumasama rin ito sa trabaho niya sa isang bookstore sa Legarda. Kapag may umaaway kay Edna, ipinagtatanggol daw ito ng duwende. Natigil lang ang duwende nang magtrabaho na sa ibang bansa si Edna.

Tuwing babalik-balikan ang ganoong kuwento, hindi lang duwende ang naaalala ni Lola Zenaida, naaalala niya rin kung paanong namuhay ang kaniyang anak noong kasama niya ito at noong iniwan niya ito sa Sorsogon.

Ang buhay namin ay isang tila napakalawak na hapag-kainan. Bawat bahagi nito ay may kaniya-kaniyang kuwento na aming tinatanggap. Hindi lamang kami kumakain sa hapag kundi tumatanggap din ng mga kuwentong dala ni Lola mula sa kaniyang bayan.

Sa hapag-kainan, lagi't lagi akong nakikinig sa napakagandang kuwento ni Lola. Sa pakikinig ko sa naratibo niya, lalo kong napahahalagahan ang karanasan niya. Napakikinggan ko ang mga napagdaanan niya at ang ilang pagkakamali niya na kailangan kong iwasan.

Sa pakikinig, natutunan ko ang napakagandang alaala na dala ni Lola sa hapag-kainan na kinalaunan ay naging hapag-kuwentuhan. Napakarami kong natutunan sa pakikinig sa kaniya. Nalaman kong dahil sa hirap ng buhay noon, kailangan niyang magtrabaho sa Maynila. Wala siyang magawa kundi iwan ang kaniyang pamilya sa Bikol upang maghanap-



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 4 11/20/2024 8:05:46 AM

buhay. May ilang taon ding hindi nakasama ni Lola Dada sina Edna at ang mga kapatid nito dahil sa paghahanap nito ng mas maginhawang buhay sa Maynila.

Napakinggan ko rin kung anong klaseng pamumuhay mayroon sila noon. Tunay na malayo ang buhay nila noon sa buhay nila ngayon. Dahil sa pagsisikap nila, nagkaroon sila ng maayos na buhay sa kasalukuyan at ito ang isa sa dahilan kung bakit ako may sapat na oras upang makapagbasa at makapagsulat. Sa mga kuwentong napakinggan ko, mas natutunan kong pahalagahan ang mga bagay na tinatamasa ko ngayon.

Sa mga kuwento ni Lola, napag-alaman ko na maaaring maging gabay ang mga aral sa buhay nila noon. May mabubuting bagay na kailangang uliting gawin. May mga pagkakamali na hindi na dapat gawing muli. Sa mga kuwentong iyon, nakakuha ako ng paalala at babala.

Ang pakikinig ay isang pakikipagsapalaran. Isa itong paglalakbay sa isang panibagong mundo kung saan maaaring makakilala ng iba't ibang tao, o matuto ng iba pang kasanayan.

Ang mga kuwentong dala ni Lola na aking napakinggan ay ang magiging lunsaran ko sa isusulat kong nobela. Sapagkat sa pakikinig ng bawat karanasan, isang panibagong kuwento ang nabubuo. Sa pakikinig, nagkakaroon ng bagong pananaw at paniniwala tungkol sa mundo.

Naging mahalaga ang kuwentong-bayan sa buhay ni Lola Zenaida at sa aking pagkabata. Dala-dala niya sa mga kuwentong ito ang kaniyang alaala bilang isang ina, isang kapatid, at isang anak. Gayundin, ang mga kuwentong ito ay isinalaysay niya sa mga anak ng kaniyang iba pang anak.

Hindi ako magsasawang makinig sa mga kuwentong inihahanda niya sa aming hapag-kainan.

## B. Mga Bago at Modernong Tinig na Kinalakihan

**Katekesis, Telenobela, Teknolohiya, at iba pa.**

Natatandaan ko, tuwing buwan ng Mayo, isang buwan kaming dadalo ng katekesis sa simbahan. Ang katekesis na ito ay bukas sa mga batang may edad na lima hanggang labindalawang taong gulang. Noong una, pinilit lang akong dumalo rito ni Lola dahil nga bakasyon noon at wala naman kaming pasok sa paaralan.

Tuwing alas-dos ng hapon ang katekesis. Dito, kasama ko ang kapatid ko sa dalawang oras na pag-aaral at pakikinig ng mga kuwento na mula sa Bibliya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 5 11/20/2024 8:05:46 AM